

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGCAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 22, 1992, 9:00 NG UMAGA SA BUIWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo :

Jesus M. Dimapilis	- Pangalawang Punong Bayan
	Tagapangulo
Cesar T. Baticos	- Kagawad
Honesto O. Taytay	- -do-
Crisencio S. Calma	- -do-
Juanito A. Bacay, Jr.	- -do-
Ferdinand V. Talens	- -do-
Bernabe S. Mortel	- -do-
Cosme T. Mores, Jr.	- -do-
Ramulfo C. Bernal	- -do-
Jesus S. Dela Cruz	- -do-, Pangulo-ABC

Hindi Dumalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 27
Taong 1992

KAPASYAHANG MAPITAGANG NAGPAPAABOT SA MGA KINAUKULAN ANG PAGPATIGIL NG MGA ILLEGAL NA SUGAL AT IBA PANG MGA KATULAD NITO, LALUNG-LALO NA ANG JUETENG, SA LOOB NG NASASAKUPAN NG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA 'T, ang PD No. 1602 ay tahasang nagbabawal ng lahat ng illegal na sugal, lalung-lalo na ang jueteng;

SAPAGKA 'T, ang mga illegal na sugal at iba pang mga katulad nito lalung-lalo na ang jueteng ay siyang pinagmulan ng kaguluhan at paghihirap ng mga mamamayan sa bayang ito;

SAPAGKA 'T, ang patuloy na operasyon ng illegal na sugal, lalung-lalo na ang jueteng ay ~~nagpapababa~~ nagpapababa ng moral at dignidad ng mga mamamayan, kasama na ang lokal na pamunuan at ang Philippine National Police.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Cosme T. Mores, Jr. at pinangalawahan ni Kag. Ramulfo C. Bernal -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang ipaabot sa mga kinaukulan na ipatigil ang mga illegal na sugal sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro lalung-lalo na ang jueteng.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay G. Ernesto Quintinio, OIC Chief, PNP, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang madaling pag-aksyon sa kapasyahang ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. na Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, GELACIO I. YASON, ang Commanding Officer, 271st PC COY, Camp Gozar, Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. RODOLFO G. VALENCIA, Punong Lalawigan, Calapan, Silangang Mindoro, ang Provincial Director, PNP Calapan, Silangang Mindoro gayundin si Kgg. JESUS M. PUNZALAN, Kinatawan, Distrito II, Silangang Mindoro para sa karilang kaalaman at kinakailangang aksyon.


Pinagtibay ng lahat.


Hulyo 22, 1992


PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng nasasaad sa Kapasyahang ito.



VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian


PINAGTIBAY :



JESUS M. DIMAPILIS
Tagapangulo



CESAR T. BATICOS
Kagawad


HONESTO O. TAYTAY
Kagawad


CRISENCIO S. CALMA
Kagawad



JUANITO A. BAGAY, JR.
Kagawad


FERDINAND V. TALENS
Kagawad


BERNABE S. MORTEL
Kagawad


COSME T. MORES, JR.
Kagawad


RAMULFO C. BERNAL
Kagawad


JESUS S. DELA CRUZ
Pangulo - ABC

merz/